

Pagpapabaya

Ang pagpapabaya ay kapag ang isang tagapag-alaga ay hindi tumupad ng kaniyang mga pangako sa pagbibigay ng para sa pisikal, emosyonal, at panlipunang mga pangangailangan ng isang mas nakakatandang tao na nagbibigyan ng pag-aalaga. Ang tagapag-alaga ay maaaring maging isang bayad na propesyonal, isang miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, o iba pang hindi nabayarang mga taong nag-aalaga sa isang mas nakakatandang tao.

Maibibilang sa pagpapabaya kung ang tagapag-alaga ay nabigong magbigay ng:

- sapat na pagkain at tubig, na humahantong sa kakulangan sa nutrisyon at pagpapaiga;
- sapat na pag-aalaga, tulad ng pangangalaga ng kalusugan, mga gamot, pagpapaligo, pagpapalit ng damit, paggamit ng banyo, at pagpapalit ng ‘bandages’;
- pangangasiwa upang matiyak ang kaligtasan;
- di-pagpansin sa pinansiyal na obligasyon ng isang tao tulad ng hindi pagbabayad ng upa o pagsangla sa ari-arian, medikal na gastos, kwenta ng utang, o mga buwis sa ari-arian;
- angkop na pag-aalaga kapag malayo mula sa mas nakakatandang mga tao; o
- sanitoryo at ligtas na kondisyong pamumuhay.

Lahat tayo ay may pananagutan para sa pagpigil at pagtugon sa pagpapabaya. Kung nakakaranas ka ng kapabayaan, ang mga mapagkukunan sa ibaba ay makakatulong sa iyo. Kung hindi ka nakakaranas ng kapabayaan, ang pag-aalam nang higit pa tungkol sa mga ito ay maaaring makatulong sa iyo na makilala ang pamilya, mga kaibigan, o iba pa na maaaring nakakaranas nito at pagbabahagi ng mga mapagkukunan upang matulungan ang mga ito.

Mga tanda ng pagpapabaya ay maaaring maisasali ang:

- pagpapaiga o kondisyong dulot ng malnutrisyon;
- d-nagagamot na ‘bedsores’ o iba pang mga problemang medikal;
- hindi sanitoryo o hindi ligtas sa mga dumi na mga kondisyon sa bahay;
- ang paunawang pagpapatalsik sa tahanang bahay sa hindi nabayarang upa;
- isang mas nakakatandang tao na tila hindi komportable o balisa sa presensya ng ilang mga tao;
- pagiging aatubili upang makipag-usap tungkol sa mga sitwasyon; o
- ulat ng isang mas nakakatandang tao na ang kapabayaan ay nangyari.

(patuloy sa likod)



NATIONAL ASIAN PACIFIC
CENTER ON AGING

www.napca.org

Pigilan ang pagbababaya bago mangyari sa pamamagitan ng:

- pag-akses ng tagapag-alaga sa mga mapagkukunan, tulad ng respite care o mga grupong sumusuporta sa mgatagapag-alaga;
- paggamit ng mga mapagkukunan ng komunidad, tulad ng mga pagkaing naihatid sa mga tahanan at sentro ng mga matatanda; at,
- pagtatanong sa pamilya at mga kaibigan upang matulungang maibahagi ang pisikal, emosyonal, at panlipunang mga pangangailangan ng pag-aalaga ng isang mas nakakatandang tao.

Huwag kang manatiling tahimik!

Ang pagpapabaya ay hindi kapalaran, at ito ay tama upang humingi ng tulong. Bawat isa ay may karapatan na maging ligtas! Alamin ang mga palatandaan ng pang-aabuso. Pigilan ang pagkakahiwalay sa lipunan sa pamamagitan ng mga pangsuportang sentro ng komunidad, pampublikong sasakyan at pagbibigay ng kapangyarihan sa mga mas nakakatandang tao.

Sa kaso ng emerhensiya, tawagan ang 911

Ang mga programa, tulad ng Adult Protective Services (APS) at Ang Long-Term Care Ombudsman Program ay naririto upang makatulong. Huwag matakot! Makipag-usap sa isang propesyonal na pinagkakatiwalaan mo upang matulungan kang gumawa ng isang ulat o mag-akses sa karagdagang impormasyon.

Matuto nang higit pa!

Upang matuto nang higit pa, bisitahin ang National Center on Elder Abuse website sa:
<https://ncea.acl.gov/FAQ.aspx>

KANINO MAKIKIPAG-UGNAY PARA SA TULONG?

Community Based Organization:

Adult Protective Services:

Long-Term Care Ombudsman Program:

Ang proyektong ito ay suportado sa bahagi ng mga gawad mula sa Robert Chinn Foundation at sa U.S. Administration for Community Living, Department of Health at Human Services, Washington, D.C. 20201. Ang mga tagatulong na nagsasagawa ng mga proyekto sa ilalim ng sponsorship ng gobyerno ay hinihikayat na ipahayag nang malaya ang kanilang mga natuklasan at mga konklusyon. Samakatuwid, ang mga puntong pananaw o opinyon ay hindi kinakailangang kumakatawan sa opisyal na patakaran ng Administration for Community Living

